


F5rt v
(Tagalog)



**SAMAHAN NG MGA TUMUTULONG AT MGA NAGLILINGKOD KAY STA.
FILOMENA PARA SA MGA NAGDURUSA AT MGA MAHIHIRAP**



KATAPATAN PAGSUNOD
PAGMAMAHAL
“ANG LAHAT AY PARA SA INYO”

SAMAHAN NG MGA TUMUTULONG AT MGA NAGLILINGKOD KAY STA. FILOMENA PARA SA MGA NAGDURUSA AT MGA MAHIHIRAP

Kami ay isang grupo ng mga lalaki't babae, mga miyembro ng klero, mga relihiyoso at mga karaniwang taong pinuspos ng Espiritu ni Sta. Filomena; ito'y isang nakagagalák na espiritu ng pagmamahal, katapatan at pagsunod sa plano ng Diyos para sa atin at sa buong mundo. Ang espiritung ito ay itinatag sa Magandang Balita ni Hesukristo, at lalo na sa Kanyang Sermon sa Bundok. Ito ay binuo bilang isang pribadong samahan ng mga matapat na Katoliko na itinatag noong 1996, na binigyan ng pagpapatibay ng simbahan mula sa Arsobispado ng Newark, New Jersey, USA, noong 1998.

Ang aming layunin ay ang palaganapin ang debosyon kay Sta. Filomena.

Ang aming mga pangunahing intensyon sa pananalangin ay ang:

- Pagbabagong-loob ng lahat ng mga makasalanan.
- Lahat ng mga Banal na Kaluluwa sa Purgatoryo
- Mga biktima ng aborsyon at ang pag-alis ng pagpápalaglág
- Mga Pari at mga Relihiyoso at ang pagdami sa mga Bokasyon.

Sta. Filomena – Birhen at Martir

Si Sta. Filomena ay ipinanganak mula sa mga maharlikang Griyego. Noong c. 302 AD, nang siya'y mga labintatlong gulang, namatay siya sa Roma dahil sa kanyang pananampalataya. Ang kanyang libingan ay nadiskubre noong 1802. Ang kanyang bangkay ay pinagpitaganan.

Maraming mga milagro at mga pabór ang nangyari at patuloy na nangyayari sa kanyang pamamagitan. Siya ay ginawang santo ni Papa Gregoryo XVI noong 1837.



ANG NOBENA KAY STA. FILOMENA

Mahal na sumásampalatayang Birhen at maluwalhating martir, Sta. Filomena, na gumagawa ng napakaraming mga milagro sa ngalan ng mga mahihirap at mga nagdurusa, maawa kayo sa akin. Alam ninyo ang karamihan at kaibahan ng aking mga pangangailangan. Masdan ninyo ako sa inyong mga paa, puspos ng karalitaán, subalit puspos ng pag-asa. Ako’y dumadalangin sa inyong kagandahang-loob, Mahal na Dakilang Santa! Magiliw ninyong pakinggan ako at tamu hin mula sa Diyos ang isang mabuting tugón sa kahilingan, na ngayon ay aking mapagkumbabang ihinaharap sa inyo... (dito banggitin ang inyong petisyón).

Ako’y talagang naniniwala na sa pamamagitan ng inyong mga biyaya, sa pamamagitan ng labis na suklám, mga pagdurusa at kamatayan na tiniis ninyo, na nagkakaisá sa mga biyaya ng Pasyón at kamatayan ni Hesus, ang inyong Asawa, matatamó ko ang aking hinihiling mula sa inyo, at sa kagalakán ng aking puso’y pagpapalain ko ang Diyos, na Siyáng kapuri-puri sa Kanyang mga Santo. Amen.

Imprimatur: + Carolus Hubertus Le Blond
Episcopus Sancti Joesphi, Enero 1952

"CHAPLET PARA SA MGA MAKASALANAN"

**Gamit ang iyong mga Butil ng
Rosaryo,
bigkasin sa Krus ang "Apostles
Creed" ("Pananampalatayá").
Sa lahat ng mga malalaking butil,
bigkasin ang
"Ama Namin".
Sa lahat ng mga maliliit na butil,
bigkasin ang
**"PANALANGIN PARA SA MGA
MAKASALANAN"**.**

Imprimatur: *John Joseph Myers
Archbishop of Newark, NJ
2002

Ito ay maaring kopyahin
PROYEKTO NG:
THE ASSOCIATION OF ST. PHILOMENA'S
HELPERS AND SERVANTS
TO THE SUFFERING AND THE POOR
PO BOX 393, UNION, NJ 07083-0393
USA

KUMALINGA NG ISANG MAKASALANAN



TAGALOG

ANG PROGRAMANG "KUMALINGA NG ISANG MAKASALANAN"

1. Manalangin sa Diyos na Siya'y magtalaga sa inyo ng isang makasalanan (o isang kaluluwa sa Purgatoryo), na Siya lamang ang nakakaalam.
2. Ikaw ay kakalinga sa makasalananang ito hanggang sa maging malaya ang kaluluwang ito.
3. Maghandog ng mga panalangin at mga mabubuting gawa bawa't araw (lalo na ang Panalangin Para sa mga Makasalanan) para sa natatanging kaluluwang iyon.
4. Kapag nakalayà na ang kaluluwang ito (na ang panahon ay ang Diyos lamang ang nakakaalam), Siya ay muling pipili ng ibang makasalanan na iyong kakalingain.
5. Maaari mo rin bigkasin ang "Chaplet para sa mga Makasalanan". Tingnan ang mga tagubilin sa likod na taklob.

PANALANGIN PARA SA MGA MAKASALANAN



**Panginoon, maging mapagpatawad po Kayo
sa mga makasalanan.**

**Gisingin ang kanilang mga konsiyensiya sa
Inyong Walang-katapusang Liwanag.**

**Mahal ko Kayo at nagpapasalamat ako sa
Inyo.**



Chaplet para sa Hindi pa Isinisilang
Gamit ang iyong mga Butil ng Rosaryo,
bigkasin sa Krus ang "Apostles Creed"
("Pananampalatayá").

Sa lahat ng mga malalaking butil, bigkasin ang
"Ama Namin".

Sa lahat ng mga maliliit na butil, bigkasin ang
"Panalangin para sa Hindi pa Isinisilang".
(Ito'y maaaring kopyahin)

Imprimatur: †John Joseph Myers,
Archbishop of Newark, NJ 07104
2003

Proyekto ng:

The Association of St. Philomena's
Helpers and Servants to the Suffering and the Poor
P.O. BOX 393
Union, New Jersey 07083-0393 USA

ANG BUHAY AY NAGSISIMULA SA
PAGDADALANG-TAO

3 linggo - Tumitibok ang puso at nagbobomba ng
dugo.

6 na linggo - Maaari nang sukatin ang brain
waves.

7 linggo - Sumisipa at gumagalaw nang malaya.

8 linggo - Lumulunok at tumutugon kapag hinipô.

10-11 linggo - Lumalanghap ng amniotic fluid.

11 linggo - Gumagana ang lahat ng mga sistema ng
katawan.

MANALANGIN PARA SA



Tagalog

MGA PINAKAMAMAHAL NG DIYOS

Panalangin para sa Hindi pa Isinisilang

Panginoon,
nananalangin ako na ipagkakaloob
Ninyo sa mga muntîng ito ang
Inyong tanging
pagmamahal at proteksyón.
Mahal ko Kayo at nagpapasalamat ako sa
Inyo.

“Chaplet para sa Banal na Pagpaparè”

Gamit ang iyong mga Rosary Bead ,
bigkasin sa Krus ang “Apostles Creed”
 (“Pananampalatayá”).


Sa lahat ng mga malalaking butil, bigkasin ang
“Ama Namin”.

Sa lahat ng mga maliit na butil, bigkasin ang
“Panalangin para sa Banal na Pagpaparè”.

Imprimatur: John Joseph Myers,
Archbishop of Newark, NJ 2003
(Ito’y maaaring kopyahin)

Proyekto ng:
The Association of St. Philomena’s
Helpers and Servants
to the Suffering and the Poor
P.O. BOX 393
Union, New Jersey 07083-0393
USA

MANALANGIN PARA SA KANILA – KAILANGAN NATIN SILA



ANG BANAL NA PAGPAPARÈ

Tagalog

Tinatawag ng Diyos ang mga “Natatanging
Tao” upang maglingkod sa Kanya sa Banal
na Pagpaparè...

upang sundan ang mga hakbang ng unang
parè – si Hesus, Ating Panginoon – si
Kristong Hari.

*“Ikaw ay isang parè magpakailanman batay
sa Orden ni Melchizedek.”*

(Mga Hebreo 5:6)

PANALANGIN PARA SA BANAL NA PAGPAPARÈ

Panginoon,
Hayaang marinig ng mga lalaking tinatawag
Ninyo sa Pagpaparè ang Inyong tawag at
hayaan silang tumugon. Pangalagaan at
ipagtanggol ang mga taong matapat na
naglilingkod sa Inyo.
Mahal ko Kayo at nagpapasalamat
ako sa Inyo.